

Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

[21 February 2022]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Good evening, my countrymen. I'm glad that I'm back for the weekly "Talk to the People" because it is a very important communication line between the government at kayo. At dapat ninyong malaman, as I have said, government is run by the money of the people, taxes, and we would like you to know and to ask even kung paano nagastos ang pera ng bayan at anong pinaggastusan. Iyon ang importante iyong hindi kayo nagdududa na ninanakaw `yung pera ninyo.

Gusto namin na kung may duda man kayo, eh `di tanungin ninyo and we will give you a straight answer. Hindi na kami magpaligoy-ligoy, diretso. But if you have the evidence, the better. Bigyan mo Xerox copy kami dito, `yung original taguin ninyo, and if you think that there is a good case to prosecute, I'll leave it up to you to decide kung saan ninyo gustong i-file. Pero ako pagkaganoon taga-gobyerno, lalo na nandito sa mataas papunta sa akin, diretso na kayo sa Ombudsman para mas madali at malaman ang totoo.

Ngayon, ang lakad ko sa linggong `to, noong nakaraan, pumunta ako doon sa South Luzon Expressway Elevated Extension Project in Alabang, Muntinlupa. Itong project na ito pinaggastusan --- ang gastos nito ang public at ang private partnership with San Miguel Corporation. It is expected to improve the connectivity and mobility in the South Luzon Expressway and spur economic recovery.

[plays video presentation]

Ang mga daily COVID-19 cases natin pababa nang pababa. Si mismong Secretary Francisco Duque III has declared that we have already surpassed the worst of Omicron variant. So with that, as the opening statement I give it --- the floor to Secretary Duque to give us what is this about and what is new, and what to expect. Thank you.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Thank you, Mr. President. Magandang gabi po sa inyo Senator Bong Go, ES Medialdea, ang akin pong mga kasama sa Gabinete at higit sa lahat po sa atin pong mga mahal na kababayan, magandang gabi po.

Sa ngalan ng Department of Health at ng Inter-Agency Task Force on Managing Emerging Infectious Diseases, ako po'y mag-uulat ng pinakabagong mga updates para sa atin pong COVID-19 response.

Ang atin pong total cases as of February 21 is a little over 3.6 million cases. May bago po tayong naitala na 1,427. Para naman sa mga aktibong kaso, mayroon po tayong 58,657 ang katumbas po nito is 1.61 percent of total cases. At dito makikita naman natin muli na ang pinakamalaking bahagi ng atin pong active cases mga 92 plus percent ang asymptomatic and mild. At ang atin naman severe and critical ay halos nasa tatlong porsiyento ng pangkalahatang active cases. Samantalang ang atin naman pong recoveries ay umabot na lagpas 3.5 million, ang katumbas po nito ay 96.87 percent of total cases.

Mayroon po tayong naidagdag na mga gumaling 3,269. At ang atin pong mga pumanaw naman ay nananatiling mababa sa 1.53 percent ang case fatality rate. Mayroon pong naidagdag na panibagong bilang na 79. At ang pangunahing mga rehiyon na nakapag-ambag sa atin pong caseload for today na 1,427: ang NCR po – 332, Region IV-A – 173, Region VI – 163. Samantalang ang pangunahing tatlong siyudad at probinsiya na may naiambag sa caseload: Iloilo ang pinakamataas – 80, Quezon City – 68 cases, samantalang ang Cavite – 67 cases.

At para naman po sa ating 7-day moving average ng positivity rate nasa 8.6 percent po tayo as of February 20. Samantalang ang mga nakapagpasuri o test ay 27,685, ito po 'yung 7-day moving average. At mapunta naman po tayo sa dako ng ating national healthcare utilization rates, ang atin pong total bed utilization rate - 23.16, ICU – 30.04 percent, mech vent – 16 percent thereabouts. Lahat pong ito ay nasa low risk classification, Mr. President.

At ito ay pinag-aaralan ngayon ng mga eksperto na gumagabay po sa ating IATF at tinitingnan na po kung malapit nang mag-deescalate po tayo from Alert Level 2 to Alert Level 1. Ngunit iminungkahi po ni Secretary Vince Dizon na kinakailangan sa ibabaw ng lahat nitong mga panukatan na ito na atin pong ginagamit, idadagdag din po natin na bago makapag-deescalate to Alert Level 1, kinakailangan 80 porsiyento ng atin pong A2 and A3 'yung mga vulnerable groups --- ito po 'yung mga senior citizens and individuals

with comorbidities --- na dapat 80 percent of the eligible population ay kanila na pong naabot.

At kung hindi po sila ay makarating diyan po sa panukatan na iyan ay hindi po natin sila puwedeng ibaba to Alert Level 1. So maganda po itong karagdagang metric na atin pong isasama sa pag-assess ng sino ba ang at ano ba ang mga lugar na hinog na for an Alert Level 1.

[So next slide.]

Ito naman po ay mga patunay --- ipinapakita 'yung tunay na katayuan o kalagayan ng ating COVID situation. Muli, itong ating blue line dito ang NCR, nakikita natin bumaba na. Talagang halos ito po ay sa mga kasalukuyang cases natin.

Ganoon din po 'yung ating Bulacan, Rizal, Laguna, Cavite or the Plus areas. Ganoon din po ay sila ay bumaba na. Ang rest of Luzon medyo nahuli bago bumaba pero nakita na po natin ang ebidensiya nang unti-unting --- o pagbagal ng kanilang case reduction. Ganoon din po ang Visayas, ito pong kulay orange, bumaba na rin po. Ang atin din pong Mindanao at --- ang Mindanao po 'yung orange tapos 'yung teal, ito po 'yung ating Visayas. So lahat po ay nababa na, patunay na we are over the Omicron hump.

So 'yan lang po ang nakita natin nag-umpisa tayo January 25 to January 31, every seven days ang average ay from 16,000 thereabouts, all the way ngayon ang atin pong February 19 to February --- February 15 to February 21 nasa 1,972, bumaba ng 44 percent doon sa nakaraang linggo, at ganoon din naman, bumaba ng 57 percent. Ganoon din ang sinasalamin naman ng NCR, pareho din po, Mr. President. Malaki din po ang ibinagsak mula noong Enero na umabot tayo ng 2, 712 7-day moving average at ngayon po, nasa 399 tayo.

[Next slide, please.]

Ito naman po 'yung --- pagkakinumpara naman natin ang mga spikes ng mga variants of concern, simula nitong taon from February to about March to April, 'yung Alpha, Beta natin nag-surge tayo, sinundan ng Delta variant

natin. Halos apat na buwan po 'yan ano na talagang pinahirapan tayo ng Delta. Dito po nag-surge kalagitnaan ng September.

Tapos kung titingnan naman natin, ito bumaba nang todo hanggang December. Tapos noong bandang huli ng Disyembre, nakita natin na bigla na pagtaas na naman ng kaso. 'Di hamak na napakamataas kumpara sa Delta and Alpha, Beta surge of last year ano po. So makikita rito ang bilis ng pagtaas pero mabilis din bumagsak, Mr. President. Iyon naman ang maganda rito, mabilis ang pagbagsak.

Pero mas maganda pa rin kung titingnan naman natin 'yung admissions curve, 'yung mga bilang ng mga naospital noong Alpha, Beta, kung ano 'yung itinaas nung kaso, 'yun namang kasong naospital mataas din, lalo na sa Delta. Pero kakaiba ang Omicron dahil ang kanyang kaso na naospital ang baba kumpara po doon sa laki ng bilang ng mga kaso. So talagang nakita na po natin itong decline ng Omicron at saka 'yung hospital admission is not proportionate 'no to the very high number of cases.

[Next slide.]

Ibig ko ring gamitin ang pagkakataong ito, Mr. President, itong buwan na ito, atin pong inoobserbahan ang National Cancer Awareness Month. Kaya mayroon po tayong panawagan sa atin pong mga --- ayan po, "Ka-Heartner" ang tawag po natin.

Ang para po sa kaalaman ng lahat, ang sakit na cancer ay isa sa mga talamak na sakit sa bansa. Ngunit sa healthy behavior at maagap na konsultasyon ay maaari po nating maiwasan ang mga sakit na ito.

Tandaan lang po natin ang "CAUTION" ito pong salita, CAUTION para sa mga unang senyales at sintomas ng cancer. So C – change in bowel or bladder habits; A – 'yun pong lesion, a lesion that does not heal o mahirap gumaling, matagal bago gumaling; U – unusual bleeding or discharge, kailangan binabantayan pagka mayroon pong nakita na halong dugo o mga secretions sa mga pagbabawas, sa pag-ihi ay kinakailangan magpakonsulta sa lalong madaling panahon; T – is thickening or lump in breast, mga bukol sa breast; ang I - naman indigestion or difficulty in swallowing; O – obvious changes in

wart or mole pagka malaki at nangingitim at lumalapad ang kanyang border ay kinakailangan magpatingin na; N – nagging cough or persistent hoarseness.

Iyan po ang mga pangunahin senyales na dapat binabantayan. At kung mayroon pong nararanasan na alinman sa mga lista --- nakalistang mga sintomas ay kinakailangan ay magpakonsulta sa lalong madaling panahon.

So ang Kagawaran ng Kalusugan ay handa pong sumuporta sa lahat ng ating mga ka-heartners at kinakailangan paalalahanan na kumain nang tama, 'yung well-balanced diet, mag-exercise, iwasan ang paninigarilyo at paggamit ng vape. Bisitahin lang ang website ng inyo pong department sa healthphilipinas.ph para po sa mga karagdagang mga impormasyon.

[Next slide.]

Ito na po last two slides, ito lang po ang ating paalala sa taong-bayan: ang kahalagahan po ng booster doses. Ito po 'yung nagsasalamin ng ating primary series. Ito po 'yung level ng antibodies, ito po sa bandang kaliwa. At ito naman sa kanan, ito po 'yung over time, 'yung pagbabago ng protective antibodies. Ito po 'yung ating protective immune threshold, 'yung line na 'yan, ano po.

So sa unang pagkakataon na natanggap natin ang bakuna, 'yan po ang level ng protection after the first dose. Now, pagka nakatanggap ng second dose, magkakaroon po ng mas mataas na antibody level or production. Ang tawag po rito sa larangan ng imyunolohiya or immunology ay ang anamnestic response. Ibig sabihin that the second time or on re-exposure, the immune system po will be stimulated to produce more protective antibodies.

Ito naman po, pareho nito at saka 'yun ano po, ito may idinagdag tayong booster. Mas mataas po ang sipa ng mga antibodies kaysa kung kumpletong two doses lamang. So ito po ang dahilan kung bakit kinakailangan magpa-booster po tayo at sapat naman po ang ating supply ng mga booster dose kaya napakamahalaga po ito ay mas malakas pa ang immune response as reflected in the level of protective antibodies that is being measured.

And in fact, the protective immune threshold is much higher than if you have completed the primary series, the two-dose primary series. So ang laki pong tulong talaga ng booster dose lalo na sa mga bagong variants. And hopefully, this will be consistent for future variants. So 'yan lang po.

[Next slide.]

Ito naman po ang mga paalala na naman natin, Mr. President, at para po sa ating mga mamamayan na magpaturok na ng kanilang mga booster dose.

Ayan po ang fully vaccinated 18-year-olds and above, eligible to get boosted. Iyon namang mga mayroong ng mga vaccines, nakumpleto na po nila ang primary series ay matapos ang tatlong buwan, from the second dose of the primary series, puwede na po silang magpa-booster, alinman dito sa mga kasama sa listahan.

At para naman doon sa mga nakatanggap ng Janssen or *Janssen* dose, single-dose lang po ito, two months after the first dose puwede na rin pong makatanggap ng kanilang booster dose.

Ito lang po 'yung listahan kung ano-ano ang mga booster na mga bakuna ang puwedeng gamitin matapos ang pagkakatanggap ng primary series, two-dose primary series. So ito 'yung mga options na pinagpipilian po ng ating mga kababayan.

So kung mangyari lang po makipag-ugnayan sa inyo pong mga lokal na pamahalaan or the nearest vaccination site upang makuha ng inyo pong booster shot.

[Next slide.]

Sa kabuuan, ang atin pong bayan ay nananatiling nasa low risk case classification, CAR lamang po ang nasa moderate risk classification at ang healthcare utilization rates of regions lahat po ay low risk, maliban po sa ICU ng Region XI.

Samantalang February, again this is a National Cancer Awareness Month at para po sa ating mga ka-partners ay alalahanin 'yung salitang "CAUTION" at kanina akin na pong napaalala ito and watch out for any signs and

symptoms of cancer at konsulta tayo sa ating mga primary care providers at atin pong mga doktor.

At panghuli, please get the jab done and huwag po nating kakalimutan `yung booster dose. Sapat po ang ating booster dose na may taglay na mas mataas na proteksiyon laban sa COVID-19 variants and hopefully even future variants will be neutralized by our booster doses.

So all eligible individuals kailangan magpa-booster dose na kaagad. And to prevent further mutation and variants, and to prevent transmission and --- of COVID-19, kinakailangan po ang proteksiyon para maiwasan ang severe or critical COVID infection at maibsan din po ang pagpapaospital, at higit po sa lahat, maiwasan ang pagpanaw ng atin pong mga pasyente.

So ito na lang po, Mr. President, ang --- ang akin pong pinakahuling bahagi ng ulat at ako po'y handa na sa inyo pong mga katanungan. Thank you, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: If I may add, may idagdag lang ako na gusto ko lang sabihin sa inyo. Ang masasabi ko sa mga kababayan natin ay makinig kayo kay Dr. Duque. Magpa-booster dose na kayo para ang karagdagang proteksiyon laban sa COVID-19, lalo na sa mga variant nito tulad ng Omicron.

Huwag kayong mangamba dahil ang ating bakuna ay pinag-aralang mabuti ng ating mga eksperto. Ito ay garantisadong dekalidad, ligtas, at higit sa lahat epektibo at mabubuhay ka. Iyong hindi napa --- makabakuna, sigurado patay `yun pagdating ng panahon. Eh tigas ng ulo ninyo.

The next speaker would be Secretary Galvez. But aside from him, Secretary Año will follow and next is si Secretary Lorenzana and DND accomplishment report. Puro may mga accomplishments ito sila. Itong iba si Salvador Medialdea, Vivencio Dizon, Karlo Alexei Nograles, Senator Christopher Lawrence T. Go at si Deputy Director General Oscar Gutierrez, wala sila itong report kasi hindi siguro nag-aral nang mabuti. *[laughter]*

So can we have Secretary Galvez?

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President; Senator Bong Go; ES Bingbong Medialdea; fellow Cabinet members; mga kababayan; magandang gabi po. On behalf of the National Task Force Against COVID-19 under Secretary Lorenzana and Sec. Año, I will brief you on the updates of the National Vaccination Program.

Mr. President, these are our mission and objectives. Today, we will present to you kung nasaan na po tayo, Mr. President. Kung titingnan po natin may lima po tayong objective. At ang first objective po natin, more or less on track po tayo, ang medyo talagang nababagalan po tayo 'yung pag-booster sa 18 years old and above.

Maganda po ang start natin dito sa 12 --- 12 to 17 years old, malaki na po ang ating coverage. And then we started good, maganda ang momentum po natin sa 15 --- 15.56 million na five to 11 years old. And then magbibigay po tayo ng perspective ng prospects nung sa zero to four years old and the primaries. Titingnan din natin po 'yung ano kung kailangan po ng boosters dito sa 12 to 17 and five to 11.

[Next slide, please.]

Sa pagbabakuna po ng 90 million na katao, mayroon na po tayong nabakunahan ng second dose na 62.5 milyong Pilipino. Ito po ay naka-69 percent na po tayo ng ating accomplishment at kailangan pang matapos po natin ang 90 million sa mga susunod na apat na buwan.

Na-reach na rin po natin ang saturation point o 'yung tinatawag na inflection point sa ating mga vaccination centers at kailangan na po tayong bumisita sa mga bara-barangay at magbahay-bahay para maiangat muli ang ating daily output.

We will also continue to concentrate on the remaining 3 million seniors and with people with comorbidities. At 'yung NVOC-DOH po natin ay naglagay na po ng mga focal person per region para matutukan at ma-achieve nila ang at least 70 percent coverage ng kanilang eligible population. Ito po ay tinututukan po ni Sec. Vince. At mamaya po after my presentation ay mayroon po siyang mga additional comments.

[Next slide, please.]

Napakababa pa rin po ang ating boosters, with 9.7 million doses administered. At nagpapasalamat po kami sa inyong announcement at sa announcement po ni Senator Bong Go sa pag --- sa pagbibigay ng halaga sa ating National Vaccination Center at ang ibang mga kailangan po natin sa boosting. At maganda rin po 'yung explanation po ni Sec. Duque dahil magbibigay po ito ng additional tinatawag nating education sa ating mga kababayan.

So we need to direct the 12 regions with high coverage to shift their focus in administering the boosters. Kailangan din po natin ang tulong ng mga pharmacies and medical clinics para po ma-expand ang mga booster sa tulong ng ating mga private sector.

Kailangan din po na mag-dedicate po tayo ng mga araw sa pagbabakuna ng boosters. At kailangan din po natin ang tulong ng lahat para hikayatin ang ating mamamayan na magpa-boosters para tuloy-tuloy at may dagdag na proteksiyon sa susunod na future surges.

[Next slide, please.]

So ang NCR po at ang Regions I, II, III, 'yung CAR, 'yung IV-A, Region VI, Region XI, Region X, Region IX, Region VIII and Region VII, 'yung mga naka-green po ay kailangan na pong mag-shift ng focus sa pagbo-boosters dahil kasi mataas na po ang coverage nila.

So 'yung mga naka-check po bibigyan po namin ng directive na magbigay na po sila ng directions sa kanilang mga tinatawag na mga LGUs para i-shift na po ang focus sa pagbo-boosters.

Samantalang ang Region V, CARAGA, MIMAROPA, and Region XII, and BARMM ay sisikapin pong makahabol at pataasin ang kanilang coverage.

[Next slide, please.]

Mataas na rin po ang coverage sa adolescent sector, sa ating 12 to [17] years old, with at least 65 percent with two doses. Pero kailangan na rin po nating hanapin at hikayatin pa ang 3 milyon na hindi pa po nababakunahan.

Marami pong nagtatanong kung kailangan po tayong magpa-boosters sa 12 to 17 years old. Ang sagot po natin ay naghihintay muna po tayo sa advice ng ating mga eksperto at tingnan po muna natin kung marami na pong bansa ang nagbo-boosters for 12 to 17 years old of age.

[Next slide, please.]

Very successful din po ang ating opening at launching [in] the different regions. Thanks to our NVOC, kay Sec. Duque, kay Sec. Año, at kay Sec. Vince dahil talagang binisita po namin ang iba-ibang mga region.

Mayroon na po tayong 437,939 na naka-receive ng first dose, with only 68 reported minor side effects and one major side effect but treated

immediately. Iyong lahat po ng mga nagkaroon po ng side effects are all --- are all --- all of them are well now dahil kasi na ano po --- nagkaroon po tayo ng tinatawag na immediate reaction sa mga adverse effect at saka mga minor lang po.

So we really need to strictly observe safety, particularly those with allergies and comorbidities. Dapat gamitin po nila, lalo na po sa hospital setting ang pagbabakuna. Nakita po natin na maganda po ang ginagawa ng ating mga vaccinators dahil ino-observe po nila ang tinatawag po natin na mga safety procedures. With the increasing demand, we requested the manufacturer to deliver at least 15 million this quarter and another 10 million in the second quarter.

[Next slide, please.]

For the 0-4 years old, we still --- we are still waiting and seeing the approval from the stringent regulatory countries like the US, UK and EU. So wait and see muna po tayo dahil kasi wala pa po tayong mga datos para po sa pagbabakuna ng zero to four.

But our preparations will be on the second quarter. As we understand, the vaccines that will be used for our toddlers or `yung tinatawag nating mga --- mga ano po, mga baby, will be different formulation.

[Next slide, please.]

As shown in the --- on this graph, we have different reformulated vaccines with three microgram for six months and four years old to ensure the safety but without losing the efficacy.

So makikita po natin na dito po sa 12 years old and older, iba po ang ginagamit po natin, ito `yung original formulation. Dito sa 5-11, may ginagamit po tayo na tinatawag nating 10 micrograms. At itong future product na for six months and to four years old, ang gagamitin po is `yung three microgram. Ito po ay para sa Pfizer BioNTech na ginagamit po natin sa mga bata.

[Next slide, please.]

So `yung way forward po natin, ang atin pong way forward, we need to re-strategize and require the LGUs to vaccinate at least 70 percent of the eligible population and 80 percent of the senior population. Ito po ay gagawin po natin parang requirement or incentivize those who are having

`yung higher coverage na at least puwede po silang magkaroon ng Alert Level 1 like in the NCR.

And then also we will focus on mobile and house-to-house vaccination to seek and vaccinate the remaining eligible population. And, again, we are trying to ano --- to ano, to direct all the agencies and sectors to actively participate in providing primary and boosters, particularly focusing on schools and workplaces.

So ang sinabi nga po ng ating mahal na Presidente, kung mahal natin ang ating bayan at ang ating pamilya, magpabakuna na po tayo. And I would like to request Sec. Vince kung mayroon po siyang additional --- additional comment.

Maraming salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Maano lang, sir, I'd like to comment on the participation of the community in making the first bakuna for children a livelier and in a festive mood. Hindi magkakaroon ang mga bata ng masyadong kagaya sa atin ang --- ako, ma-remember ko `yung una kong bakuna tapos `yung pagtuli ko. *[laughter]*

Those were the traumatic experience na ano, na... Kasi `yung akin namang ano, Grade 3 lang ako noon, sumali nga ako sa linya. Sinabi sa akin na huwag kasi hindi --- magagalit `yung tatay pati `yung nanay mo. Eh bata, 10 years, sabi, "*Linya, ikaw, ikaw.*" Sabi ko, "*Ako, ako. Sige.*" Kinabukasan nakita na `yung dugo sa banig ko, doon na nagwala ang nanay ko.

Pero `yung --- ang trauma ko doon sa --- `yung paghampas --- paghampas, mmmm, t*** i**, bukas siya. Ayun man talaga noon sa amin, wala mang... Sino mang --- magpunta ka doon sa ospital doon sabihin, "*Parang tuli lang `yan punta ka pa sa ospital. Doon ka sa niyugan oh.*" Iyon man ang style ng buhay namin noon.

So iyon ang ano. Iyong pagka --- the cooperation of the community in making the environment of the moment memorable to the child. Naaaliw sila, nawawala `yung takot at wala masyadong `yung traumatic experience na `yang sabihin ka, "*Ah huwag ka nang iyak-iyak diyan! Na ligo na sa dagat diretso!*" May dala-dalang guava leaves.

SEC. GALVEZ: Sir, can I add more ano po sir, `yung sa pagbisita ko lang po sa Zamboanga at saka po sir sa Basilan. Maganda po `yung ano, sir, `yung nakita po namin, tama po `yung sinasabi niyo na very festive at marami

pong funfair. Even sa ano po sir, sa Zamboanga, first time pa lang nila ---
'yung mga bata --- first time nilang makapunta ng mall.

So naging ano po nila 'yun parang naging incentive nila na pupunta sila sa mall for the first time at saka mayroon po siyang --- mayroon pong sine doon na pinapanood mga cartoons. So 'yung vaccination site mismo, ginawa po doon sa ano sa mismong mall at saka po doon sa sinehan.

At tuwang-tuwa po, nakita po namin 'yung ano 'yung mga bata, nawawala po 'yung ano eh 'yung takot nila dahil kasi alam nila na mayroon silang loot bag, mayroon silang mall, and then mayroon silang pabibili sa kanilang mga tatay at saka nanay.

Then ganoon din po 'yung sa ano, sa Basilan, nakita rin po namin na talagang even 'yung mga --- mga --- mayroon po akong nakitang isang doktor na cum laude doon sa Saudi Arabian Academy po ng ano ng mga doktor and talagang nag-volunteer po doon siya sa Basilan na magtrabaho. So we would like to ano, to --- to really congratulate those ano, those medical professionals na gusto nila talaga doon sa mga baryo mag --- mag -- ma-assign at tuwang-tuwa po sila na nag-contribute po sa national vaccination po natin.

PRESIDENT DUTERTE: I join you in expressing, I said, my gratitude for making it possible. Each and every one of you, maraming salamat sa inyong lahat, at minsan natuturuan ninyo ang gobyerno ninyo.

We do not claim to be really in perfect harmony with any --- with all and any events but your contributions, especially in making it a more memorable experience for the child would go a long way also to how he improves his paradigm towards life.

Secretary Año?

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Magandang gabi po, Mr. President; Executive Secretary Salvador Medialdea; Senator Bong Go; fellow public servants; mga kababayan; magandang gabi po.

[Please run the slide. Next.]

Ang una ko pong iuulat, Mr. President, ay ang update po ng ipinamimigay nating ayuda sa mga apektado ng Typhoon Odette. Inyo pong pinag-utos ang pagbibigay ng 4.85 billion pesos para po sa mga nasalanta. At sa ngayon po ay naipamigay na po natin ang 3.2 billion pesos or 66.30 percent na po, at ang nakatanggap ay 2,280,054 beneficiaries.

Makikita po natin na sa performance, ang CARAGA Region or Region XIII ang nangunguna po sa 92.10 percent of distribution. At ang MIMAROPA naman po, Region IV-B, ay nasa 90.55 percent. Pero ang atin pong Region VI ang may pinakamaraming naipamahagi na beneficiaries sa 773,123 beneficiaries. Patuloy pa rin po nating imo-monitor at isu-supervise ang pagbibigay ng mga natitira pang ayuda sa lahat ng apektado.

[Next slide, please.]

Magandang balita naman po. Ang nakikitang pagbaba ng ating mga kaso at nakikita pa rin po natin ang patuloy na pagbaba ng mga lugar na isinasailalim sa granular lockdown.

Sa kasalukuyan ay 14 na lungsod at munisipalidad na lamang or 109 barangays ang mga mayroong isinasagawang granular lockdown. Total po ay 226 at sa NCR ay 28 na lamang na nakakaapekto sa 267 households at 343 individuals.

[Next slide, please. Next slide.]

Sa loob din po ng isang linggo ay nakikita natin na bumaba na ang recorded violations ng mga health protocols. Sa pagsusuot po ng masks ay bumaba ng 9.6 percent or 64,509; at sa 325 violations naman, bumaba ng 22.9 percent. At sa no physical distancing ay bumaba ng 6.33 percent, a total of 23,539.

Nais pa rin nating ipaalala sa ating mga mamamayan na sundin ang mga minimum public health standards upang siguruhing ligtas tayo at ang ating mga pamilya.

[Next slide.]

Sa atin naman pong patuloy na kampanya laban sa illegal drugs. Sa nakaraang linggo po ay nakapagsagawa tayo ng 916 anti-illegal drug operations mula February 13 hanggang February 19 at kung saan 1,281 individuals ang naaresto at mayroon pong 47 na nag-surrender. At sa ating operasyon po ay tatlo ang nasawi sa ating police operations. At ang kabuuang ating nasamsam na shabu at marijuana ay umaabot sa P27,580,509.

[Next slide, please.]

Nais ko din ibahagi ngayon, Mr. President, ang report mula sa Philippine National Police. Dahil maganda po ang datos na kanilang nakalap kung saan makikita po natin ang pagbaba ng total crime incidents.

Mula noong nakaraang taon ng 2020 – ah ng 2021 kumpara sa taong 2020, makikita po natin sa total crime incidents na umaabot po ng 374,277 ang volume. Sa year 2021 ay 360,573 o mayroong pagbaba ng 3.66 percent sa total crime incident.

Importante po ito kung titingnan natin ang index crimes 'no. Ano po ba 'yung index crimes? Ito 'yung mga crimes na considered as serious in nature with sufficient frequency and regularity. Kasama po 'yung mga murder, homicide, rape, robbery, ang carnapping, ang physical injuries, at eight special complex crimes.

So `pag titingnan po natin ang comparison mula po noong 2016 hanggang 2021, nakikita po natin na bumaba ng 73.76 percent ang crime rate. Ang mga taong ito po, Mr. President, ay saklaw po ng inyong panahon ng panunungkulan.

Kaya't patuloy itong mas naging ligtas sa ating mga komunidad sa tulong ng inyong programa kontra kriminalidad. So ito pong figure na 'to makikita natin na mula 131,699, pagdating po ng 2021 ay 34,552 na lamang ang index crimes.

Sa kabilang side naman po, itong peace and order indicator, ito po 'yung pinagsama natin ng index crime at saka non-index crime. So makikita po natin sa peace and order indicator na kung saan ay bumaba po ng 5.69 percent noong 2021 kumpara sa 2020.

At kung susumahin po natin ang period mula po noong 2016 hanggang 2021, nakikita po na mula 377,766 ay bumaba na lamang ng 211,237 o nagkaroon po ng 37 percent decrease sa ating peace and order indicator.

Ano pong ibig sabihin nito? Nararamdaman po ng ating mga kababayan ang pagganda ng peace and order situation at ang pagiging kumpanyansa na ligtas po ang ating mga mamamayan laban sa mga kriminal.

[Next slide, please.]

Sa panghuling paksa, Mr. President, ay nais ko lang ibahagi na bilang sa inyong pag-uutos na tulongan ang ating FDA tungkol po sa mga paglaganap ng pagbebenta ng mga medisina at mga pekeng medisina sa ating mga ibang lugar na hindi naman authorized katulad ng sari-sari store.

So dito po naglabas po ng memo circular ang DILG upang mapigil ang pagbebenta ng mga gamot at iba pang mga pharmaceutical products. Ang mga sari-sari store at iba pang mga tindahan.

PRESIDENT DUTERTE: Iyan, tama 'yan.

SEC. AÑO: Nais pong himukin ng memo circular ang ating mga LGU, ang mga DILG Regional Offices at ang Philippine National Police na maipatupad ang ating RA 10918 or the Philippine Pharmacy Act upang makipagtulungan ang ating mga ahensiya sa FDA. Ang pinakalayunin po nito ay upang masigurado na tanging mga FDA approved and authorized outlets lamang ang maaaring magbenta ng anumang gamot, mapa-prescription o 'yung tinatawag na over-the-counter medicines para na rin po sa kaligtasan ng ating mga mamimili at matigil din po ang paglaganap ng mga pekeng gamot. Ang atin pong LGU ay inatasan na maggawa ng mga ordinansa na suportahan ang ating FDA at maipatupad ang RA 10918.

Nais po natin ding palakasin ang programa ng DOH. Ito po 'yung Botika ng Barangay at Botika ng Bayan. Ito po ay ginawa sa panahon po ninyo ang Botika ng Bayan noong 2018. At ngayon po ay mayroon na tayong 170 Botika ng Bayan sa buong bansa at ito po ay nagbibigay ng libreng gamot sa ating mga kababayan sa mga 4th and 5th class municipalities sa tulong po ng ating Department of Health.

At ang pinakahuli po ay nakikipag-ugnayan ang ating mga LGUs upang ipaliwanag sa ating mga sari-sari store owners kung bakit kailangan nating ipatupad ang batas na ito at maghanap po ng ibang paraan kung paano matutulungan din ang ating mga sari-sari store na mag-focus sa ibang mga paninda.

At kung mayroon po namang kwalipikado ay tutulungan din sila upang makapag-apply at makakuha ng tinatawag nating authorization or permit sa FDA kung kaya po nilang makapagbenta ng mga gamot at kailangan lang po naman dito ay ma-satisfy ang requirements at magkaroon po ng tinatawag nating isang pharmacist na magsu-supervise sa pagbebenta ng mga medisina.

Iyan lamang po, Mr. President, at magandang gabi po.

PRESIDENT DUTERTE: I'd like to commend your office and you, personally, for coming up with this timely memorandum of selling of pharmaceutical products in the sari-sari store.

Even in the permit itself given to the sari-sari store, I am sure that there is a provision there that they cannot sell pharmaceutical products without having the appropriate license.

May sasabihin ka, Señor Gutierrez?

FDA OIC DEPUTY DIRECTOR GENERAL OSCAR GUTIERREZ

JR.: Magandang --- yeah. Magandang gabi po, Mr. President. Marami pong salamat kay Secretary Año sa kanyang memorandum circular.

Gusto ko lang po din sabihin na talaga pong ine-encourage naman po ng Department of Health na ang bawat household po or pamamahay ay magkaroon po siya ng first aid kit. In fact po, may programa po ang ating DOH iyong Kalinga Kit po.

So sa bahay po, kaya po tayo mayroong medicine cabinet or... Importante rin po itong mga non-prescription drug na present po iyong retail outlet for non-prescription drugs sa mga convenience store, sa supermarket, grocery.

Kaya nga po ito non-prescription, kailangan po kahit papaano mag-iimbak po tayo ng mga gamot tulad ng para sa sipon, sa ubo, sa diarrhea, mga pain reliever o analgesics, mga antihistamine para sa allergy, at `yung mga tinatawag po nating mga Band-Aid at sterile gauze, mga micropore tape.

Ngayon nga po, ine-encourage po natin na mayroong alcohol sa bahay, ointment para sa mga sugat, at iba pa pong personal medication. So para hindi po tayo umasa sa sari-sari store mas maganda po na huwag tayong umasa sa sari-sari store kung hindi maging parte po ng ating personal health care po na mayroon po tayong gamot, isama po natin ito sa pag-grocery. Doon po sa grocery at supermarket may makikita po kayong mga gondola or estante na may mga gamot, ito po ay authorized ng FDA dahil ito po ay may permit sa amin, `yung tinatawag na RONPD (Retail Outlet for Non-Prescription Drugs).

Ang mga sari-sari store po ay puwede naman talagang mag-apply bilang Retail Outlet for Non-Prescription Drugs. Mayroon lang nga po itong requirement na isa-satisfy. Ang pinakaimportante po ay ito'y dapat under the supervision po ng isang pharmacist at mayroon pong kailangan silang mga procedural na isusulat kung paano nila iha-handle kapag mayroon pong mga complaints at kailangan po mag-i-issue sila ng resibo sa kanilang --- at bibili lang po sila sa mga FDA-licensed drug establishments, 'yung mga tinatawag ho wholesaler or importer, o 'yung mga empleyado na may koneksiyon po dito sa mga establishments na ito.

Iyon lang po ang aking masasabi sa ngayon, Mr. President. Thank you po.

PRESIDENT DUTERTE: To say it again, ulitin ko sa isang sentence: Huwag kayong bumili ng mga medical whatever, 'yang --- I cannot mention the medication, it would not be proper. Pero ang mabili ninyo minsan diyan ay 'yung ipinagbibili --- itinatapon na doon sa botika kasi expired na tapos nasalo 'yan sa sari-sari store. Ah 'yan, pagka diyan ka bumili sa sakit ng ulo mo, pag-inom mo niyan ang sakit mo ulo pati tiyan na pati bulsa kasi pagdating ng panahon sa ospital another reseta 'yan. Iyon ang totoo na bilhin mo diyan sa... Iyan ang mangyari diyan.

Bili kayo ng expired o sa sari-sari store, ang mangyari para sakit sa ulo 'pag inumin ninyo 'yan expired na 'yan, sakit ng tiyan. 'Pag mag-inom kayo ng para sa sakit ng tiyan, dale na pati ulo mo. So 'yan ang --- 'yan ang mangyayari sa inyo. So the best way really is to give a warning, a serious warning, to our constituents lalo na 'yung mga barangay captains, mayors, na 'wag kayong bumili diyan sa ano. For all you know matagal na 'yan, expired na.

Tinatapon na nga 'yan eh. They are --- they are disposed responsibly, of course, but just a warning na 'yung makakuha kayo ng expired, iyan ang problema. So huwag kayo masyadong --- do not be too hardheaded at para walang sakit ng ulo.

Now, we go now to the last person to present the report is Secretary Lorenzana. DND accomplishment report, Del.

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA:Magandang gabi, Mr. President; Executive Secretary Medialdea; mga kasamahan sa trabaho; Senator Bong Go. Ako po'y mag-uulat ngayong gabi, Mr. President, ng accomplishment.

Ang Department of National Defense o Kagawaran ng Tanggulang Pambansa ay binubuo ng anim na kawanihan. Ito ay ang National Defense College of the Philippines, Government Arsenal, Veterans Memorial Medical Center, Veterans --- the Philippine Veterans Affairs Office, Office of Civil Defense, at ang Armed Forces of the Philippines.

[Next slide, please.]

Ang National Defense College of the Philippines ay ang paaralan na kung saan ay tinuturuan at hinuhubog at inihahanda ang mga senior o matataas na katungkulan ng militar upang ihanda silang gampanan ang mga katungkulan ng mga importanteng posisyon sa Armed Forces of the Philippines lalong-lalo na 'yung mga katungkulang nangangailangan ng ranggong heneral.

[Next slide.]

Ang National Defense College ay nagsasanay o nagtuturo ng programang papunta sa Masters in National Security Administration. Ang mga estudyante nito ay binubuo ng mga military, mga sibilyan, at dayuhang militar.

Sila rin ang gumagawa ng mga rekomendasyon on defense and security issues through various research outputs and publication. Ang National Defense College of the Philippines ay mayroong mga proyektong *[next slide please]* na nagawa na o ginagawa pa sa panahon ng pamumuno ng Presidente. Ito ay ang NDCP Library Building, new student dormitory, repair of old student dormitory and staff dormitory, at saka 'yung connecting bridge between main building and library.

Sa kasalukuyan ay ginagawa 'yung magiging main building ng NDCP na nagkakahalaga ng 521.8 million. Ang lahat ng proyektong ito ay nagkakahalaga ng 624.2 million.

[Next slide.]

Ang pangalawang kawanihan ay ang Government Arsenal. Ang Government Arsenal ay nasa Limay, Bataan. Ito ay itinatag noong 1965 upang sila ang maggagawa ng mga pangangailangan ng Armed Forces na mga bala.

[Next slide, please.]

Ang mga balang ginagawa ng Arsenal ay ang mga sumusunod: iyong mga bala na 5.56 mm o ang bala ng M16, 7.62 mm o M14, caliber .45, at saka 9 mm. *[Next slide, please.]* Ang Government Arsenal ay gumagawa ng average 49.93 million rounds per year na ito ay ginagamit o ibinibigay sa Armed Forces of the Philippines, 'yung iba diyan ay sa PNP, at 'yung iba pa ay ipinamimigay din sa Coast Guard. Nakaangkat din tayo ng mga kagamitan sa pagpapagawa ng small arms ammunition na nagkakahalaga ng 698 million pesos.

The Veterans Memorial Medical Center. Ang Medical Memorial Veterans Center ay nasa Quezon City sa malapit sa Quezon Circle at ito ay ginawa noong 1955 ng mga --- ng perang galing sa Estados Unidos para sa pangangalaga sa mga Pilipinong nagsilbi sa US Army noong Pangalawang Digmaan pati na iyong kanilang mga dependents. Sa kalaunan ay ang serbisyo nito ay ibinigay din sa mga retirado noong pagkatapos ng World War II.

[Next slide, please.]

Ito ang bilang ng mga pasyenteng tinitingnan ng Medical Memorial --- ah Veterans Memorial Center: iyong in-patients ay 9,143 patients a year. Ito, Mr. President, iyong mga naa-admit ng mga at least three days nasa hospital. Iyong mga out-patients, iyong nagpapakonsulta, ang average po nila ay 158,649 per year.

[Next slide, please.]

Marami rin tayong mga proyektong ginawa sa Veterans Memorial Medical Center, renovations at saka new facilities. Ni-relocate natin `yung emergency ward sa harapan sa halip na sa likod; nagkaroon din tayo ng Prostate and Stone Center, VMMC Heart Institute. Kaya na po ng VMMC ang maggawa ng angioplasty.

Mayroon pa tayo dito mga Renal Dialysis Unit, ito po `yung napuntahan ninyo noong December 2017 noong kayo ay dumalaw doon; Surgical Intensive Care Unit; Department of Pathology; wards eight and 17 `yung ni-renovate nila; cardiovas --- Dietetic Service Facility. Construction of VMMC Eye Center, medyo kumpleto na po tayo sa mga facilities sa paggagamot ng sa mata; Cardiovascular Operating Room. At saka `yung pag-aangkat natin ng 128-Slice CT Scan machine, ang pinakabagong CT Scan machine; Gamma Camera System.

PRESIDENT DUTERTE: Del...

SEC. LORENZANA: Yes, sir?

PRESIDENT DUTERTE: Can I interrupt? Iyon bang unang punta ko doon, bago pa akong Presidente sa --- kasama tayo ---

SEC. LORENZANA: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong original na building doon na sabi ko sirain na lang at magtayo ng bago, I then --- nag-release ako ng pera, tapos na `yung building na `yun?

SEC. LORENZANA: Sa --- hindi po sa Veterans `yun, Mr. President, sa V. Luna po `yun. Malapit na po matapos `yung building. I think ma-inaugurate natin `yun bago kayo umalis.

PRESIDENT DUTERTE: Ah natayo talaga?

SEC. LORENZANA: Sa V. Luna po 'yun, Mr. President, hindi sa Veterans Memorial Center.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong sabi ko nanghinayang ako sa building. Eh 'di sabi ko sirain na lang at maggawa ng bago.

SEC. LORENZANA: Mamaya maipakita ko 'yung picture nun, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Ah okay. I'm sorry but... At saka 'yung gusto ko lang malaman --- paalis na ako --- 'yun bang 50 million sa V. Luna pati sa AFP Medical Center, natutupad ba 'yun?

SEC. LORENZANA: Ito nga po 'yun, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Oo.

SEC. LORENZANA: Mr. President, ito 'yung resulta ng dalaw ninyo sa ---

PRESIDENT DUTERTE: Ah 'yan.

SEC. LORENZANA: --- Veterans Memorial Medical Center noong December 21, 2017. Noong tanungin po ninyo 'yung director kung ano ang problema nila ay sinabi 'yung gamot. So kayo po ay naglaan ng P50 million-medicine subsidy per month. Pero hindi po ito maubos ng Medical Center sa isang buwan kundi umaabot ito ng tatlong buwan. Ngunit pagkatapos --- pagka naubos na po ito ay mayroon namang --- pinupunuan naman ng DBM o mayroong replenishment.

Ngayon, maganda po itong nangyaring ito dahil noon pong bago dumating itong pera na ito, karamihan sa mga beterano 'pag pupunta ng Veterans Memorial Center, pag-alis po nila doon ay karamihan sa kanila reseta ang dala-dala nila. Bibilhin nila 'yung kanilang gamot dahil nga sa kakulangan ng pondo para sa gamot. Noong ma-implement po ito ay lahat po nang

nanggagaling diyan sa --- nagpupunta diyan ay mayroon na silang dalalang gamot pag-uwi.

Ngayon, mayroon ding ginawang innovation 'yung director ng Veterans Hospital dahil po 'yung mga pumupunta roon ay matatanda na, hirap na hirap silang pumunta roon. Ang ginawa niya ay bumili siya ng 12 motorsiklo at sila na ang naghahatid ng mga gamot sa mga bahay-bahay nung mga beterano sa Metro Manila.

PRESIDENT DUTERTE: Maganda.

SEC. LORENZANA: Oo. Ang Veterans Memorial Medical Center, Mr. President, ay nagbibigay din ng Medical Care Program sa mga tao. Ang ibig sabihin nito ay puwede silang magpagamot sa ibang ospital at saka ire-reimburse ng Veterans Memorial Medical Center. Sa --- noon pong nakaraang taon ay nakapag-reimburse siya ng P255 million sa 11,653 na mga claims ng mga beterano.

Ang medical --- ang Veterans Medical Center, Mr. President, ay nagamit din ng Department of Health sa pagbabakuna ng mga tao. Lahat po ng mga tao na ano niya ay lahat ng mga empleyado ng DND, pati na 'yung mga karatig barangay sa Quezon City ay nabakunahan.

Philippine Veterans Affairs Office --- *[next slide, please]* --- ang Philippine Veterans Affairs Office, Mr. President, ay 'yun ang nangangalaga ng mga beterano ng World War II. Sa kasalukuyan ay 2,217 na lang ang World War II veterans. Ang post-World War II veterans ay 51,633; at ang surviving spouses, 'yung mga naiwanan ng mga beterano na mga asawa ay 82,507. Napakarami po nito, Mr. President, kasi 'yung ibang mga beterano ay nag-asawa sila ng mas bata sa kanila kaya they survived the veterans.

[Next slide, please.]

Para magampanan ng PVAO ang kanyang serbisyo, Mr. President, ay nagtayo sila ng Field Service Extension Office sa buong bansa sa mga rehiyon at ito 'yung mga location nila.

[Next slide, please.]

Ito po 'yung panukalang batas na na-approve nung kamakailan lang, 'yung pagtataas ng old age pension from P5,000 to P20,000. Ito po ay para lang sa World War II vet --- World War II at saka Korean War veterans. Iyong ibang mga beterano katulad namin na more than 65 years old ay tumatanggap din ng P5,000 old age pension. Ito pong nakaraang taon ay nakapag-disburse din ang DBM ng arrears ng disability pension totaling P5.577 billion.

[Next slide, please.]

Doon naman sa non-pension benefits ay itong mga kuwan na ito, mga bagay na ito, hindi po magampanan ng Veterans Memorial Hospital lahat o maserbisyohan lahat ng mga beterano lalong-lalo na 'yung mga nakatira sa mga probinsiya kaya ito ay ginagampanan ng Philippine Veterans Affairs Office. Ito pong nakaraang taon ay namigay ito ng hospitalization benefits sa 45,775 beneficiaries at ang pera pong natustos dito ay P950 million.

Namimigay din po siya ng --- ang PVAO ng educational benefits. Ito po 'yung mga anak, mga dependents ng mga veterans na minors, P205 million naman ang natustos nitong nakaraang taon. Burial assistance sa 26,062 beneficiaries ay P499 million. At saka namigay din siya ng wheelchairs na 1,449 at binigay sa mga beterano o mga dependents.

Ito po 'yung isang proyektong magandang nagawa ni Undersecretary Carolina. Dahil po sa kakulangan ng ospital ng veterans ay nakipag-partner siya sa mga government hospitals sa mga probinsiya at saka mga rehiyon. Mayroon na siyang 19 partner hospitals na ginawan po ng Veterans Ward, Veterans Ward 'yan. Doon na po pupunta 'yung mga beterano kung sila ay nangangailangan ng medical attention.

Mayroong dalawang ongoing construction at tatlo na ang nabigyan ng pera nitong 2020, at saka mayroon pang apat na gusto nilang mabigyan ng funding sa fiscal year 2022. Ang isang Veterans Ward, Mr. President, ay nagkakahalaga ng P15 million.

[Next slide, please.]

Ang isa pang magandang proyekto ang PVAO --- ng PVAO, Mr. President, ay ang pag-aalaga nitong ating military shrines. Ito 'yung mga battle site na pinangyarihan. Karamihan nito ay nangyari noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kasama na rito 'yung Dambana ng Kagitingan sa Bataan, at saka 'yung sa Kiangan kung saan sumurrender (surrender) si Yamashita, Balete Pass.

Ito po sa baba na 'to ay ito po 'yung Battle of Ising na nangyari sa Carmen, Davao del Norte noong 1945. Dito unang nagkaroon ng tagumpay o panalo ang mga sundalong Pilipino laban sa Hapon. Isang batalyon po ang nalipol nila rito kaya maganda itong kuwan na 'to, itong shrine na 'to.

[Next.]

Punta naman po tayo sa Office of Civil Defense. Ito 'yung kawanihang naghahanda sa mga komunidad para harapin ang mga kalamidad. Tinuturuan nila itong mga ano na 'to, 'yung mga taong maghanda.

[Next slide, please.]

Upang gampanan ng OCD ang kanyang katungkulan ay nagtayo rin siya ng mga field offices all over the country. Ito po 'yung mga lokasyon nila, ito.

[Next slide, please.]

Ito po 'yung tinuturo ng OCD sa mga tao, disaster response and resilience. So ang itinuturo po nila ay ano ang gagawin ng mga mamamayan bago dumating 'yung kalamidad, habang nangyayari ang kalamidad, at saka 'yung pagkatapos ng kalamidad.

[Next slide, please.]

Ito po `yung mga warehouses, itong iniimbakan ng mga supplies ng OCD sa buong --- sa buong bansa mula Region I up to Region XII. Ito po sa CARAGA, mayroon po tayo ritong supply depot, `yung building na palaging may lamang food and non-food items. Kaya po bago pa dumating `yung Bagyong Odette ay nakahanda na `yung OCD diyan ng anumang kailangan.

[Next slide, please.]

Ito po `yung halimbawa ng mga --- mga supply depot ng OCD, katulad nito sa Basco, Batanes; Legazpi City; CARAGA, ito malaki po ito sa CARAGA kasi covered na `yung buong eastern seaboard ng Mindanao.

[Next slide, please.]

Dumako po tayo sa pinakamalaking Kawanihan ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa, ito ay ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas o Armed Forces of the Philippines na binubuo ng GHQ, Army, Navy, at saka Air Force. Ang total pong military personnel o uniformed services ng AFP ay 144,951, ito po `yun. Mayroon ding tinatawag na paramilitary forces ang Armed Forces, ito ay ang CAA or CAFGU, 67,944; `yung SCAA ay 5,635, ito po ay sa ilalim ng pangangasiwa ng militar.

Mayroon po tayong aggregate total na reserve, ito `yung puwede nating i-call to active duty kung kinakailangan na gawin `yun. Ang grand total po ng -- ng mga tao ng Armed Forces kasama na `yung mga SCAA, CAFGU at saka aggregate reserve ay 1,275,558.

[Next slide, please.]

Ito po `yung ating mga tagumpay against the NPA at saka local terrorists.

[Next slide, please.]

Ito pong mga nakaraang taon ang Anti-Insurgency Operations ng AFP ay napakatagumpay: 47 guerilla fronts ang na-dismantle ng Armed Forces; itong napahina nila ay 15; mayroon pang natitirang 41 fronts ng NPA. Ito naman `yung NPA fighters killed, 1,032; NPA fighters apprehended and captured, 1,348; firearms captured, confiscated and surrendered, 9,377.

Sa anti-terrorism naman, Mr. President, ay matagumpay din tayo ito... *[Next slide, please.]* Sa Abu Sayyaf ay 1,544 na ng ating na-neutralize, nahuli o napatay; doon naman sa Central Mindanao, `yung Bangsamoro Islamic

Freedom Fighters ay 971 din ang ating na-neutralize; at saka `yung mga kasama nilang Daulah Islamiyah ay 1,427 din ang na-neutralize natin.

[Next slide, please.]

Ito po `yung E-Clip na sinasabi kanina ni Secretary Año na napakapektibo para mahikayat natin `yung mga NPA at saka kanilang mga tagasuporta na bumaba at pumanig ulit sa gobyerno.

Ito po `yung 22,468 ang nag-surrender na, former rebels ito, mga rebelde po ito, may mga baril, sumurrender (surrender). Ito din --- ito `yung mga surrendered firearms, 3,437; at saka former rebels who were given financial assistance, 6,418; at saka former rebels including their dependents have already graduated from skills training para sa kanilang livelihood.

Kung matandaan po ninyo, Mr. President, sa ating pagpupulong minsan doon sa GHQ, kasama ako si Secretary Año at Secretary Esperon, at saka Secretary Dominguez, ay tinanong ninyo kung magkano ba ang ating ginagastos para labanan --- para makipaglaban sa mga NPA at sinabi namin na malaki po, several billions.

Ang sabi ninyo, "*Bakit hindi na lang natin ibigay sa kanila `yung perang `yan para bumaba sila?*" Ito po ang naging ano niyan, resulta niyan, `yung kuwan na `to, `yung mga surrenderees, kaya po humihina na `yung mga --- mga NPA.

[Next slide, please.]

Ito na `yung mga na cleared barangays, itong [4,148] NPA-affected barangays cleared at saka sa local terrorist naman, `yung mga Abu Sayyaf at saka `yung Bangsamoro Freedom Fighters, 223.

Ito po `yung barangays na gustong bigyan ng ELCAC ng P20 million per year na Barangay Development Fund. Ang hinihingi po namin ay 28 billion pero ibinaba ng Senate to only 11 billion. Okay lang po `yun kasi imbes na 20 million per barangay ay magkakaroon sila ng 5 million per barangay. Sabi po ng mga probinsiya, okay na `yun kaysa wala.

[Next slide, please.]

Sa External Defense naman, Mr. President, ay marami na tayong kagamitan para manmanan ang ating territory, especially `yung maritime domain. Mayroon tayong naval patrols at saka maritime air patrols.

[Next slide, please.]

Ito po, Mr. President, 'yung ating --- 'yung utos mo noon na lagyan natin ng mga markers 'yung mga isla natin sa --- doon sa north at saka dito sa south. So lahat po ng pitong isla diyan sa Basco area ay nalagyan na ng marker --- hindi po ang militar ang naglagay kung hindi ang Coast Guard, mga ano 'to mga markers.

Pero dito po sa Mavulis, 'yung pinakadulo nating isla na malapit na sa Taiwan ay mayroon tayo ritong Desalination Plant System kasi po walang tubig diyan, mayroon tayong detachment ng Marines permanently stationed there sa Mavulis. Nagpunta po ako diyan noong in-inaugurate natin 'yung --- namin 'yung Desalination Plant.

Dito naman po sa baba, 'yung sa --- 'yung Island ng Panguan, ito na po 'yung pinaka-southernmost island ng Pilipinas, kalahating kilometro na lang po ay Malaysia na. Napuntahan ko rin ito, mayroon ditong isang detachment ng Marine, Marine din dito ang nag-ano, ang nandito.

So dito po sa --- dito sa bandang ito ng Pilipinas ay nagkakabit po tayo ng mga radars, bagong radars na galing sa Mitsubishi Japan para matutukan natin, mamanmanan natin itong West Philippine Sea natin.

[Next slide, please.]

Ito po 'yung ating pinakabagong ginagawa sa Pag-asa ay sinisemento na natin 'yung runway. Malapit na pong matapos ito, I think it's already 25 percent finished, hopefully matapos ito bago matapos ang termino ninyo, Mr. President.

Ito po 'yung Pag-asa bago po tayo maggawa ng airport, ng airstrip, pinapakita ko lang po ito dahil ito 'yung ginawa ng --- ng Department of Agriculture-Bureau of Fisheries and Aquatic Resources na fishermen shelter. Dito po puwedeng magtago 'yung ating mga mangingisda kung masama ang panahon.

[Next slide, please.]

Dito naman po sa ating Modernization Program, ito na 'yung mga kagamitan na nai-deliver na, completed ng inyong administrasyon: 12 fighter aircraft, although itong fighter aircraft na ito ay natapos nang mai-deliver noong panahon ninyo pero 'yung procurement process po nito ay ginawa noong past administration; tatlong fixed air surveillance radars; at saka walong 412 Combat Utility Helicopters; dalawang C-130 aircrafts, hindi po ito bago, mga

refurbished ito na galing sa Estados Unidos; at saka dalawang Anti-Submarine Helicopters. Ito po ay nagkakahalaga lahat ng 96.86 billion.

[Next slide, please.]

Ito naman `yung ating naumpisahan, nagsimula noong kayo ay Presidente, Mr. President, at saka nakumpleto noong kayo ay ano --- noong nakaraan lang: dalawang frigates na in-order natin noong 2017 at nai-deliver noong nakaraang taon; 16 Blackhawk Helicopters na nandito na sa atin; six Super Tucano Aircraft; at saka unmanned aerial vehicle system na ating binili sa Israel; nakabili rin tayo ng isang C-295 Medium Lift Aircraft; at saka ito `yung G280 Command & Control Aircraft, `yun po `yung ginagamit niyong Gulfstream.

Isang Pohang Class Corvette na nakuha natin sa Korea; dalawang AH-1 Cobra Helicopters na galing sa King of Jordan na binigay niya sa inyo noong nagpunta kayo doon; three Multi-Purpose Attack Crafts na mga barkong mabibilis, maliliit; 310 Truck Troops Carriers (light); 215 Truck Troops Carriers (Medium); at saka engineering equipment na karamihan po dito, ibang equipment na ito, especially `yung engineering equipment ay bigay po ng Tsina. Ito po ay covered ng Horizon 2 --- approved projects, 96. Ang total cost po nito ay P427 billion.

[Next slide.]

Ito na `yung mga approved and in various procurement/awaiting delivery, ang iba po rito ay napirmahan na `yung mga kontrata, `yung iba ay pipirmahan pa rin. Bukas po ng hapon, Mr. President, ay pipirmahan ko `yung kontrata para sa karagdagang 31, ah dalawa --- 32 Blackhawk helicopters.

Pagka po na-deliver `yun 32 plus `yung 48, `yung 16 nating binili noong last time ay magiging 48 na `yung kuwan natin, `yung ating helicopters, puwede na po nating i-retire `yung ating lumang Huey helicopters. Lahat pong proyektong ito, Mr. President, ay nagkakahalaga ng P295 billion.

Kung ihahambing po natin iyong mga nabiling mga bagong kagamitan sa inyong termino, ihambing natin sa mga nakaraang administrasyon, hindi po sila makahambing, mas marami po kayong nabili kaysa iyong limang previous administration.

[Next slide, please.]

Ito na po 'yung ating mga nabiling mga equipment, ito at saka 'yung helicopters na 'yan. Ito pong mga assets na ito ay multifunctional puwedeng gamiting pang-surveillance ng mga --- dito sa ating area, at ang pinakamahalaga nito ay nagagamit natin sa kalamidad.

[Next slide, please.]

Ito po 'yung isang proyektong napakaganda na dapat ay ipagpatuloy natin, ito po 'yung tinatawag na convergence between the DND and DPWH, TIKAS --- TIKAS. Ibig sabihin ay "Tatag ng Imprastraktura para sa Kapayapaan at Seguridad". Ito po ay sa tulong ni Secretary Villar noon.

Noon pong 2019 to 2022 ay 192 na 'yung completed; ongoing 'yung 363 projects; total projects na ito ay 555. Ito po 'yung mga --- ang ginagawa po nila diyan ng TIKAS ay mga building, katulad nito, barracks po ito na in-inaugurate namin sa Camp Tecson. So lahat po ng kampo sa buong Pilipinas ng Army ay mayroon ng mga build na mga bagong building.

Hindi lang po 'yun kung 'di gumagawa --- *[next slide please]* --- gumagawa rin sila ng mga --- mga roads ang naka-stage --- ito po 'yung kampo doon sa Kibaritan, bagong gawa po itong kampo na ito, ito 'yung mga bago nilang building doon. Ang total cost po... *[Pakibalik, pakibalik 'yung...]* Ang total cost po nitong lahat ay P15.041 billion. Ngayon pong taong ito, 2022, ay mayroon na naman tayong nakalaan na P5 billion para sa proyektong mga 'to.

[Next slide. Next slide, please.]

Ito po kanina 'yung tinatanong niyo, Mr. President, ito 'yung bagong building na binigyan niyo ng pera noong 2016. Malapit na po itong matapos, I think it's about 85 percent finished and we expect this to be finished during your time para po ating mapasinayaan o ma-inaugurate natin.

Guma --- gumawa rin ng AFP barracks doon sa V. Luna, renovation of the V. Luna Medical Center, dito sa atin 'yung luma, at saka two-storey hospital in Camp Navarro. Ito po 'yung binigyan ninyo din ng pera sa Calarian sa Zamboanga City na hanggang ngayon ay --- gawa na po ito, kulang na lang 'yung mga kagamitan na bibilhin. Pero noon pong nakaraang buwan ay tinawagan ako ng taga-Office of the President na tinatanong kung magkano pa ang ating kailangan para sa kanilang kagamitan para makumpleto na po ito.

Bago ko po tapusin ito, Mr. President, ay gusto ko lang banggitin na napakalaking tulong po ang ginawa niyong pagdodoble ng salaries, ang

suweldo ng mga active personnel. Talaga kasi po kaya po sila inspirado silang magtrabaho katulad nung tinatanong niyo kanina kung bakit napakalaki ng ating tagumpay laban sa mga komunistang rebelde at saka mga terrorist dahil po inspirado `yung mga --- `yung mga sundalo, dahil po nagdoble ang suweldo nila.

Hindi lang po sila nakinabang, pati na rin kaming mga retirado, katulad ni Secretary Galvez at saka Secretary Año, ay nagdoble din po `yung aming pension. Noong mangyari po --- ma-effect po natin `yung pension noong 2018 ay nakatanggap ako ng tawag mula sa isang biyuda, sabi niya, "*Mr. Secretary, bakit nagdoble `yung aking pension? Baka nagkamali `yung gobyerno rito?*" Sabi ko, "*Ma'am, inyo po 'yan. Itinaas na po `yung ano ninyo.*" [applause]

Hanggang ngayon, Mr. President, ay nakakatanggap pa rin ako ng mga --- mga salita or words from soldiers and retirees pinapaabot na sa inyo ang pasasalamat nila sa inyong pagtataas, pagdodoble ng mga suweldo at saka pension. Iyon lang po, Mr. President. Salamat po. [applause]

PRESIDENT DUTERTE: Yes. I'd like to add, just one reminder. At the start of my administration, I think it was in Jolo, where I said that "*I will leave my office with a strong military.*" That's what I promised and within our limited income, dito sa gobyerno, setting aside the small but equitable portion of it sa military, naibigay ko naman siguro, especially in the upgrade of the armaments, `yung mga bagong air assets, sa tubig, the naval.

And truly as I ponder on the last paperwork that I have to work on, nakikita ko `yung mga promotions ng mga sundalo. Minsan sa gabi na hanggang umaga, mahinto ako nang sandali, mag-inom ako ng tubig or ang paborito ko kasi kape rin, I am comfortable with the thought that I have done my best, lalo na `yung ipinangako ko sa military.

And you know, it was a --- it's not just a campaign slogan. It was something that I concocted while I was in the years as a mayor and, you know, you have to have rapport with the police and the military for you to succeed.

Doon ang success ko sa pagka-military ko, I attribute it to the military and the police. Kung wala sila, wala. Kayo, na-assign ka man doon, as a matter of fact, madalas ako sa kampo mo. Ano ko lang na itong --- `yung buhay na ito wala namang kasiguruhan, let it be a policy that you care for people who die for you, `yun talaga ang totoo diyan. It leaves a --- not really a bad taste in the mouth to say it but `yung bigyan mo ng special ng treatment aside --- `yung tao na at any given time they are called upon to fight, and sadly, sometimes to die.

Hindi mo nakikita `yan sa iba, hindi mo naman matawag `yung ibang sektor na pumunta ka doon harapin mo `yung mga bala nagliliparan. So I made that promise to --- I said that "*I would double your salary.*" Wala... Ito, nandito man si Bong, `yung dinis --- diniscuss (discuss) `yung doble ng suweldo. So maligaya ako that in the hindsight, ang laking tulong sa fighting spirit ng mga sundalo pati pulis.

Mayroon naman `yang mga pangyayari na hindi maganda, but these things happen, I said. Hindi naman lahat na maano natin. Always, as always, there will be scalawags in a big organization, especially like the police and the military. Hindi madali mag --- eh ako lang noong mayor ako I supervise the --- whether operational, pero kasali na rin `yung disiplina, mahirap talaga mag-ano.

But in the end, you are always rewarded. One or two will not really spoil your administration. One or three, four, even five scalawags, there is still a room for improvement for the organization to prosper.

So `yan ang ikadagdag ko sa iyo and only because I think medyo malapit rin ako sa --- you know that --- sa military. We say goodbye for now. Until the next "Talk to the People." [*applause*]

--- END ---